

Prologue

MR. BIG

Saturday afternoons used to be fun and noisy if my best friend Maria Mercedes Samson was here. Pero wala siya dito sa apartment at ako lang mag-isa. Halos nagawa ko na ang lahat ng mga dapat gawin na house chores, pati ang quarterly reports ko para sa *National Library*, and the one thing left to do was to rest. Dahil wala si Mercedes, naisip kong mag-movie marathon habang kumakain ng popcorn. Nasa sala ako sa ngayon.

I loved movies. I was a homebody and watching movies was one of my favorite past time. Before watching the movie, I took my phone and called Maria Mercedes. I missed her. Pakiramdam ko ay matagal na hindi ko siya nakita. Nitong nakaraang mga araw kasi ay parang tuliro siya. Hindi ko siya makausap nang maayos, parang napakalalim ng iniisip niya at alam ko lahat iyon ay dahil sa lalaking halos isang dekada na niyang kasama.

SI Ares Consunji, also known as the biggest as*hole on earth.

Hindi ko maintindihan kay Mercedes kung bakit sinasamahan pa niya ang lalaking iyon samantalang palagi niyang sinasabi na wala silang relasyon. Sabagay, kahit siguro anong paliwanag niya ay hindi ko talaga siya maiintindihan. Wala naman kasi ako sa sitwasyon niya; ang alam ko lang ay nasasaktan siya. Alam ko ang pakiramdam ng nasasaktan dahil sa pag-ibig. And I thought love was stupid, but I fell into its trap.

I fell in love when I was young. We had one of a hell of a relationship—almost ten years of being together pagkatapos ay nawala nang dahil lang sa isang... I sighed. He was engaged now. Masaya ako para... who was I kidding? Of course I was not happy.

Hindi nagtagal ay sinagot na ni Mercedes ang phone niya. “Cedes! Nami-miss na kita!” natatawang sabi ko. I heard her chuckle. “Nasaan ka ba?”

“Hey, Bathseeba! I’m at Ares’ pad. Mamaya uuwi ako. I missed you...” she replied. Napalabi ako.

“Gumawa ka na naman ng kamangmangan kasama ng mahalay na lalaking iyan!” Tumawa lang siya sa kabilang linya.

“Cedes, join me in the shower now!”

Narinig ko ang sigaw ng lalaking iyon sa background. Muli ay napalabi ako. Nakakadiri talaga ang lalaking iyon! Hindi ba ito marunong maligo at kailangan pa nito si Cedes para doon? Nagpaalam si Cedes at ibinaba na niya ang phone. Nainis ako.

Itinago ko ang aking telepono sa ilalim ng unan at saka nagpasyang manood na lang ng movie. Sa sobrang inis ko ay basta nagsalang na lang ako.

I waited for the movie to load. Nagsimula iyon sa loob ng isang kuwarto. The room was awfully familiar to me. Binale-wala ko iyon. Saglit na dumilim ang screen. Akala ko namatay ang TV, pero nang muling magliwanag iyon ay napanganga ako. My eyes widened.

I saw a woman and a man committing an act of lasciviousness! The woman was all tied up. Nakatayo siya, may blindfold habang may lalaking nakaluhod sa harap niya and he was eating her...

Nalaglag ang popcorn ko. The man stood up and took off the blindfold. Kinilabutan ako nang makita at makilala ko kung sino iyon.

Si Mercedes!

The man looked at the camera, grinning devilishly. The King of Jerks! Napatayo ako. Nakita kong tumalikod si Cedes. She got on all fours and that was when he entered her. My eyes widened again. Nalaglag pa ang salamin ko.

Ares might be the biggest jerk on earth and he also had that biggest *thing*.

“Oh, my God!”

1



Consunji...
What is in the name? I did not know why people fear them. To be honest, I didn't even know them. They might be one of the richest people on earth, but they were just like us. But why the hell were they special?

From what I read on the internet, the Consunjis go from way back. Their ancestors were from Spain. They were rich, famous, and powerful. Then in 1872, Olivado de Perez Consunji, went to the Philippines to deal with the governors back then. They were even in the Philippine history. How great is that?

Why were they so powerful?

It all started with Fabian Consunji, the most famous of them all, then down to his grandchildren—Sancho, Lukas, Adam, and Laide—down to his great-grandchildren who now dominated the business world. It was kind of boring knowing that all of them were in the business world trying to oust each other.

“Bathseeba, what is that?”

Tiniklop ko ang monitor ng aking *MacBook* upang isara iyon nang marinig ko ang tinig ni Mercedes. Lumingon ako at nakita siyang nakatayo sa aking tabi, wearing only her sexiest lingerie. I rolled my eyes when I realized how sore she looked. Namamaga na naman ang mga labi niya and I could see the marks on her neck down to her collarbone and down and down, to the places that I did not really wanna see.

We had been living under the same roof for almost six years now at sanay na ako na makita siyang ganoon. I was sure she had the time of her life last night while on bed with that as*hole guy named Ares Consunji. Hindi ko talaga alam kung bakit sama pa nang sama rito si Mercedes samantalang wala namang magandang dulot sa kanya ang gagong iyon. I rolled my eyes again.

“Wala, nagbabasa lang ako...” sabi ko na lang. I smiled at her. Kinuha ko ang aking salamin na nasa tabi ng coffee cup ko at sinuot iyon. Nakalugay lang ang buhok ko at nakasuot na ng pantulong, isang pares ng pajamas at oversized white shirt.

“What do you wanna eat?” anang housemate ko. Napaisip ako. Hindi pa nga rin ako nag-aalmusal, nagkape lang ako. Pero gusto ko na ring kumain nang maayos tatal siya naman ang magluluto.

“Pancakes...” sabi ko. Kumunot ang noo ko nang

maringgan ko ang isa pang tinig.

“Bacon, then you on the bed again.”

“Shit!” I muttered. Napatayo ako nang makilala ko ang boses na iyon. I looked back. Nakita ko ang biggest jerk on earth na nakayakap sa best friend ko habang nilalamutak ang mga labi niya. Argh! My eyes! Hindi ko alam kung bakit nanginginig ako tuwing nakikita ko ang mahalay na lalaking ito!

“Iyong mata ko! Nasusunog!” sigaw ko sa kanila. Lumayo naman si Mercedes at napahagigik. Ares Consunji looked at me, pailalim pagkatapos ay ngumisi.

“Virgins...” I heard him mutter.

Napanganga ako. Ano naman kung virgin ako? Sabagay, lahat yata ng bagay madikit lang sa kanya ay made-devirginize. Walking devirginize yata ang mangmang na ito.

“Pancakes, Batse?” narinig kong tanong ni Mercedes sa akin.

Umiling ako. Mag-aalmusal na lang ako sa *National Library*. Nauuta ako sa pagmumukha ng lalaking iyon. Kinuha ko ang mga gamit ko at saka tumalikod. Iniwan ko sila at pumasok sa silid ko.

Inilapag ko ang *MacBook* sa kama ko saka muling nahiga. I wondered what Mercedes saw in that guy. I remembered one time, she told me that she was smitten by him. Alam ko na noon na posibleng mahal niya si Ares, pero sa nakikita kong ugali ng lalaking

iyon ay dapat iwan na ito ni Mercedes. Tanga talaga ang kaibigan ko; naturingang top six sa bar exams pero natatanga pagdating sa lalaking iyon.

I sighed. Kung sabagay, mahal niya kasi ang lalaking iyon... kahit na ibang pangalan pa ang tinatawag nito tuwing nagme-main event sila. Alam ko, napanood ko iyong mahalay na video na ginawa nilang dalawa. Hindi si Mercedes ang tinatawag ni Ares kundi pangalan ng ibang babae habang ang kaibigan ko ay parang tau-tauhan na kahit na anong gawin nito ay sinusunod niya. Hindi naman ganoon si Mercedes.

I sighed again. Binalikan ko ang article na binabasa ko tungkol sa mga Consunji. I got fascinated with them, hindi dahil sa Ares Consunji na iyon kundi dahil kay Yto Consunji. Napanood ko kasi iyong interview niya sa isang talk show. He was asked about his wife, Nikita Kerkmez-Consunji and he just smiled. Tandang-tanda ko iyong sinagot niya.

"She's my one of a kind love."

Nakadama ako ng kilig dahil doon. Naalala ko si Matthew, ang nag-iisang lalaking minahal ko at mahal ko hanggang ngayon. Kahit na sa huli, ako lang pala ang umasa. Sampung taon na akala ko kami pero hindi pala. I assumed and I got hurt. Nalaman ko lang na wala pala kaming relasyon noong sinabi niyang magpapakasal na siya kay Fiona, ang kasama niya sa trabaho. Nanlaki ang ulo ko noong marinig

iyon.

Akala ko kasi ako ang girlfriend niya. Iyon pala, friends lang kami at umasa lamang ako sa loob ng sampung taon. Paano ba naman ako hindi aasa? We kissed, we acted as if we were lovers. He took care of me, I gave him my heart, I almost gave him my V-card... Ten years kaming magkasama pero wala pala kaming relasyon. Nagmukha akong tanga.

I sighed. I felt like crying again. Ibinaba ko ulit ang monitor ng *MacBook* ko at saka naisip nang mag-ayos. Wala naman akong magagawa. Hindi ko dapat iniiyakan ang taong nanakit sa akin. Ako ang may kasalanan, ako ang nag-assume.

I sighed again. I hated the fact that I was crying over Matthew again. I hated the fact that I loved him so much until now. I stood up and opened my drawer and took out his wedding invitation. Ibinigay niya sa akin iyon noong nakaraang linggo. Noong iniabot niya sa akin iyon ay ang saya-saya niya pa na para bang wala na siyang alaala nang kung anuman ang meron kami noon.

Tama... I sighed again. Ako lang ang umasa.

xxxx

I went home that afternoon after a tiring day. Hindi ko alam kung ano ang mas nakakapagod, dealing with my client or dealing with the fact that Leighton was indeed in love with Yllak. It was tiring to think about her. Why couldn't I make her mine?

All my life I wanted only her. Isang bagay siya na matagal ko nang gustong makuha at nakakaramdam na ako ng frustration dahil doon.

I was greeted by our maids when I got in. May sarili akong pad but I seldom go there. Mas gusto kong umuuwi sa mansion. My mama was here so I should be here.

“Si Mama?” tanong ko sa maid namin.

“Nasa itaas po, Sir. Sa kuwarte.”

Tumango na lang ako. I was actually excited to see her. Mama ko siya. My sister Hera, who was two years older than me, always teased me about being a Mama’s boy, but I was and I didn’t mind. I remembered Papa once told me and my brother Hermes that we should always love Mama. Si Mama ang center ng solar system ni Papa so we should make her the center of our solar system, too.

Kumatok ako sa pinto ng master’s bedroom. Narinig ko ang tinig ni Mama.

“Bukas iyan.”

Pumasok ako. I smiled when I saw her.

Apollo Consunji was still the same beautiful woman my father met and fell in love with. I walked toward her. Nakaupo siya sa chair sa balcony. Katabi niya si Papa. I saw her injecting something on my father’s shoulder.

“What’s that?” I asked them. Papa looked at me. He made a face. Nakita kong hinamapas siya ni

Mama sa balikat.

“Huwag kang magulo!” Napahagikgik pa siya.

“Babe, nand’yan na iyong anak mo,” ani Papa.

Mama looked at me and smiled.

“Kamusta ang bunso ko?” She even stood up to kiss me.

“Mama naman...” I found myself blushing. “Ano’ng ginagawa mo kay Papa?”

“Your mom misses being a nurse so she’s nursing me.”

“What’s that?” I pointed at the IV.

“Water, son. You wanna try?” Ngumisi si Papa. Napahagikgik si Mama.

“You two look alike so much. Ganyan din si Lukas noong walanghiya pa siya!”

Natawa ako. I just shook my head. Umupo si Mama sa tabi ni Papa at ipinagpatuloy ang ginagawa niya. Si Papa naman ay nakatingin lang sa aking ina at napapangiti. He looked at her like my mother was the only thing that ever mattered to him. I sighed. I wanna look at Leighton like that but I just couldn’t. I loved her, but perhaps not the way how my father loved my mother.

“Ay, magmerienda muna tayo,” sabi ni Mama. “Ares, tingnan mo kung nand’yan na ang ate mo at si Hermes.”

Lumabas ako ng kuwarto nila at pinuntahan si Hera sa silid niya pero wala siya doon. Hindi pa man

ay naririnig ko na siyang sumisigaw at ang kausap niya ay si Hermes. Pinuntahan ko silang dalawa. I saw her pacing around Hermes' room while her arms were crossed.

"I can't believe Yto outshone me again. F*ck!" she said. "Ano'ng meron si Yto na wala ako?!"

"Testosterone," Hermes said.

"Male parts," I said to her. She looked at me.

"You shut up!" gigil na wika niya. "Hindi ko maintindihan. Si Yto lang siya, ako si Hera. Anak lang siya ni Uncle Sancho, pero bakit hindi ko magawang pantayan ang ginagawa niya?"

"Why are you even competing with him, Hera? Yto is Yto, you are Hera. We're all Consunjis, we should be in peace," Hermes said. Umiling ako. Tumingin sa akin ang kapatid kong lalaki. "You shouldn't be competing with Yllak, too."

"And why not?" I asked back. "I love Leigh."

"We both know that you only love her because Yllak loves her. Aminin mo na, Ares. Hindi mo mahal si Leigh. Gusto mo lang siya dahil gusto mong kompetensyahin si Yllak... just like this one." Itinuro niya si Ate Hera.

"At hindi ka nakikipag-compete kay Yvo?" tanong ko. He took a deep breath.

"Why not compete with Yza?" Hermes asked Hera. Tumaas ang kilay niya.

"And why would I compete with her? She's weak.

I don't know why she calls herself a Consunji if she's that weak. Kung hindi siya ganoon, she wouldn't be a rape victim. I know I'm mean but she's nothing compared to me."

I just shook my head. Hermes had always been the calm one. Si Hera ay palaging mainit ang ulo lalo na kapag hindi niya nakukuha ang gusto niya at oo, kinakalaban niya si Yto. Ako, gusto ko lahat ng kay Yllak ay mapunta sa akin. We all were competing against Uncle Sancho's kids, isang bagay na ayaw ni Papa pero wala siyang magagawa lalo na kung hindi niya alam.

I guess Hera just wanted to prove that even if she's a girl, being Lukas Consunji's first born, she had to have the same rights as Yto, pero palaging si Yto pa rin ang nananalo. She took everything seriously habang ako, hindi ko masyadong pinapansin si Yllak. I knew I could win.

Naalala ko kung bakit hinanap ko ang aking mga kapatid. "Merienda daw sabi ni Mama." Biglang kumalma sina Hera at Hermes nang marinig ang pangalan ni Mama. My sister smiled.

"I wonder what she prepared. Gutom na rin ako. Come," aniya. I watched the two of them leave and then sighed. I took my phone out and texted Mercedes.

"Later. I'll be needing some unwinding. Bring that orange lingerie I brought for you."

I sent that text.

“Ares! Mama’s waiting! We can never make the Queen Mother wait!” Hera shouted.

“Sure. I’m coming...” I answered. I grinned.

2



“**B**athseeba, hinahanap ka noong Matthew Fernandez daw.”

Napaawang ang mga labi ko nang marinig ang pangalan ng Matthew Fernandez na sinasabi ng kasamahan ko sa trabaho. Inilagay ko ang librong hawak ko sa shelf at saka inayos ang sarili ko. I wore our prescribed uniform for library employees. Inayos ko din ang salamin kong napaling na at sinuklay ang buhok ko gamit ang mga daliri ko.

Ano ang ginagawa ni Matthew sa lugar na ito? Bakit kailangan pa niya akong puntahan? Wala na kaming pag-uusapan.

Lumabas ako sa waiting area at ganoon na lang ang panghihinayang ko nang makita ko siyang kasama si Candida, ang babaeng ipinalit niya sa akin. Ah, hindi pala ipinalit dahil wala nga raw kaming relasyon. Huminga na lang ako nang malalim at saka nilapitan sila. Mula sa kinauupuan nila ay nakita agad ako ni Candida. Agad siyang tumayo at kumaway sa akin. I just smiled. Binagalan ko ang lakad ko dahil

ayoko talagang makita at makausap sila.

“Batshe!” bati sa akin ni Matthew. Pilit ang ngiti ko. Nakipag-beso ako sa kanya pati na rin kay Candida.

“Ano’ng atin?” tanong ko habang papaupo sa tabi ni Candida. Nakita kong hinawakan nito ang kamay ni Matthew at saka tumingin sa akin. They smiled so wide nakakasilaw na iyong mapuputi nilang ngipin.

“Hihingi sana kami ng pabor sa ‘yo ng aking cupcake,” umpisa ni Matthew.

Tumagilid ako saglit at itinakip ang kamay ko sa aking bibig. Nasusuka ako.

““Batshe, okay ka lang?” tanong pa niya.

“Sorry, nasusuka ako. Ang sweet ninyo kasi! I wanna puke rainbows!”

Nagulat ako nang biglang tumawa nang napakalakas si Candida with matching hampas pa sa hita ko. I made a face.

“Ay, wow! Close tayo?” naiinis na tanong ko.

“Ikaw naman, mapapangasawa ako ng best friend mo kaya close na tayo!” proud pang sabi nito. Napailing na lang ako.

“Anong pabor ba iyan?” tanong ko na lang para maiba ang usapan. Hinintay kong sabihin nila ang pabor na hinihingi nila at saka ko iisipin kung madali ba iyon o hindi, kung kaya ko bang ibigay o hindi.

“Hindi kasi makakauwi ang kapatid ni Candida sa kasal namin kaya iniisip naming dalawa na sana

ikaw na lang ang maging maid of honor.”

Nanlaki ang mga mata ko. Matapos niyang gawin sa akin ang mga ginawa niya noon, hihilingin niya na maging maid of honor ako sa kasal nila? Sana sinabi na lang niya na saksakin ko ang aking sarili, warakin ko ang dibdib ko at ibabad sa chlorine ang puso ko para mamatay na ako. Pumikit ako at nagbilang ng sampung angry birds at nang matapos iyon ay dumilat ako at saka ngumiti.

“Pag-iisipan ko, ha? Sige, maiwan ko na kayo.” Tumayo na ako at saka tumalikod. Bumalik ako sa trabaho ko habang naiisip si Matthew.

Bakit ganoon? Bakit ang saya-saya niya habang kasama niya si Candida? Huminga ako nang malalim. Naalala ko si Lola Anita, ang nanay ni Mama. Noong bata ako, sinasabi niya palagi na bulag ang pag-ibig at sa kaso ni Matthew, oo, bulag nga ang pag-ibig. Hindi lang bulag, nakakasira pa ng ulo. Sa guwapong iyon ni Matthew, nauwi siya sa ganoon lang.

“Mag-early out ako,” sabi ko sa aking assistant librarian. Mas matanda sa akin ng labin-limang taon si Ate Alberta. Tumanda na siya sa piling ng mga libro at alikabok sa bahay-akalatang iyon, pero hindi pa rin nakapag-asawa.

Noon, hindi naman ako naniniwala na tatandang dalaga ako, pero matapos ng nangyari sa amin ni Matthew ay alam kong malaki na ang posibilidad niyon.

Nagpaalam na ako sa mga kasamahan ko at umuwi sa bahay. Pagod ako. Pagod ang utak ko, pagod ang lahat sa akin at mas lalo kong naramdaman ang pagod na iyon dahil sa katotohanang magpapakasal na si Matthew sa babaeng ipinaglihi sa eye bags.

Narating ko ang apartment namin ni Mercedes. Ang alam ko wala pa siya at nasa trabaho. May malaking kasong hawak ngayon ang kaibigan ko. Ikinuwento niya iyon sa akin noong nakaraang gabi. Ang sinabi niya ay siya ang may hawak sa kaso ng isang artista na binugbog at pinagkaisahan ng isang businessman sampu ng mga kasama nito. The case was sensational. Alam kong maipapanalo ni Mercedes ang kasong iyon. Magaling na abogada ang kaibigan ko; confident ako sa kanya.

I went inside the apartment. Tahimik na tahimik ang buong bahay. Wala namang kotse kaya alam ko talaga na wala si Mercedes doon. Hinubad ko ang sapatos ko at saka inilagay iyon sa shoe rack. Japanese style ang apartment namin ni Mercedes. Up and down iyon, tatlo ang kuwarte; isa sa ibaba at dalawa sa itaas. Malaki ang kusina at spacious ang sala. May dalawang bathroom at isa pang silid para sa entertainment.

College pa lang ako ay doon na ako nakatira. Mercedes and I used to live together in this unit, pero ilang linggo pa lang ay sinundo na siya ng papa niya kaya ako na lang ang natira dito mula college.

After passing the bar exams, Mercedes came back to live with me.

Pumunta ako sa kusina para kumuha ng isang baso ng tubig. Hinubad ko na rin ang blazer ko at iniladlad ang buhok ko. Napapagod talaga ako. Hindi ko na muna iisipin si Matthew at ang fiancée niyang ipinaglihi sa eye bags.

Matapos uminom ng tubig ay nagpasya akong umakyat sa kuwarto ko sa itaas para magpahinga at matulog. Tinahak ko ang daan paakyat habang pakanta-kanta pa ako.

Been running from these feelings for so long...

Telling my heart I didn't need it... lalalalalala...

Nakahawak ako sa pader habang paakyat. Nakatingin naman ako sa baiting ng hagdanan nang mapansin kong may dalawang pang nakahinto sa ikaanim na baiting ng hagdanan. Ang alam ko ay walang tao sa bahay, pero bakit may mga paa? At panlalaki pa iyon? Kinabahan ako. Baka magnanakaw? O kaya man akyat-bahay gang?

Ang puri ko!

Dahan-dahan kong iniangat ang ulo ko para kilalanin kung sino ang lalaking nasa harapan ko, pero habang nag-aangat ako ng ulo ay ibang ulo din ang nakita ko.

There was a naked man in front of me!

And he was none other than that as*hole with a huge thingy!

Napasigaw ako.

“What?!” Ares Consunji asked me in a high voice. Natakot ako! Nakaturo sa akin ang putoytoy niyang big! Agad akong nagtatakbo! Nilagpasan ko siya. Finally, I got inside my room. Ni-lock ko iyon; double lock para sigurado akong hindi siya makakapasok! Ang kapal-kapal ng mukha ng lalaking iyon! Bakit siya maglalakad nang nakahubad sa loob ng bahay ko? Bahay ko ito!

Nahahapo akong napaupo sa sahig. I found myself shivering. I closed my eyes. Sa lahat ng nangyari sa akin, isa lang ang naisip ko—pwede rin palang mag-shave ang lalaki...

“Dammit, Bathseeba!”



I woke up in the middle of the night when I heard those sounds—annoying sounds that were coming from the other room. Kinusot-kusot ko pa ang mga mata ko habang iniisip kung ano ang nangyari at kung bakit hindi ko man lang nagawang magpalit ng uniform.

Nawala ang ingay na naririnig ko. Baka guni-guni ko lang. Tumayo ako para patayin ang air-conditioning unit nang muli ay marinig ko ang ingay na iyon.

“Ares! Oh, f*ck! Please let me come! Ahh!”

My eyes widened when I realized what was happening in the other room. Virgin ako pero hindi naman ako ganoon katanga para hindi maisip kung ano talaga ang ginagawa ni Ares Consunji sa best friend ko sa loob ng kuwarto ng huli. Nanginginig ang buong katawan ko. Hindi ko alam kung ano ang gagawin ko. Papasukin ko ba sila at pipigilan siya sa ginagawa niya kay Mercedes o dito na lang ako sa kuwarto ko dahil ayokong makita ulit ang mamang may malaking bird?

Hindi ko alam. Muli ay napaupo ako sa aking kama. Dinig na dinig ko sila. Tinakpan ko ang dalawang tainga ko, pero hindi pa rin iyon sapat. Hindi ko alam kung ano ang nakita ni Mercedes sa lalaking iyon at hinahayaan niyang gawin nito sa kanya ang mga bagay na hindi naman dapat.

Isang malakas na sigaw ang narinig ko.

It was Mercedes again. Hindi na ako makatiis. Kahit na gusto kong kumatok sa kabilang silid ay hindi ko magawa. Tumayo ako at lumabas ng kuwarto. Bumaba ako ng hagdanan at dumiretso sa kusina. Naalala ko ang napanood kong video noong nakaraang linggo. Nakakasuka iyong ginagawa ng lalaking iyon kay Mercedes. Paano kaya nasisikmura ng kaibigan ko ang bagay na iyon?

Kumuha ako ng isang pitsel ng tubig at baso. Naupo ako sa dining chair at saka inabot ang bote ng peanut butter na nasa gitna ng lamesa. Binuksan

ko iyon at saka kinuwit-kuwit. Nagugutom ako pero ayokong kumain dahil baka hindi ako matunawan dahil alam ko kung ano ang nangyayari sa loob ng silid na iyon habang nagpapakasasa sa kamunduhan ang kaibigan ko at ang lalaking iyon.

Hindi ko na nga alam kung gaano na ako katagal nakaupo sa kusina. Naulinigan ko na lang ang mga yabag na pababa ng hagdanan. Sana si Mercedes iyon, pero parang sinasadya ng pagkakataon na makita kong ang demonyong si Ares ang bumaba doon. Huminto siya sa paglakad nang makita niya akong nakaupo sa dining chair na malapit sa fridge. He stared at me. Ako din ay nakipagtitigan sa kanya. I tried to concentrate on his eyes, pero iyong mga mata ko ay bumaba sa nakita ko kanina. Nakahinga ako nang maluwap nang makita kong nakasuot siya ngayon ng boxer shorts.

But still, his bare abs was disturbing. I just looked away.

“I hope I didn’t scare you this time, virgin,” he muttered.

I shook my head. Tumayo ako na dala ang baso ko. Wala akong balak makipag-usap sa kanya, pero gustong-gusto kong itanong ang isang bagay na matagal nang naglalaro sa isipan ko.

“Mahal mo ba si Maria Mercedes?” Tinitigan niya ako. Tumaas ang sulok ng bibig niya.

“Hindi. I believe in love, but I just don’t see

Mercedes as that perso—“

Hindi na ako nakapagpigil. Nag-init ang ulo ko. Ibinuhos ko sa kanya ang laman ng baso ko.

“Ang kapal ng mukha mo!” sigaw ko sa kanya. Nilagpasan ko siya pero nahatak niya ang braso ko. Nang tumingin ako sa kanya ay gigil na gigil ang mukha niya, galit na galit. Nakatiim ang mga bagang niya na para bang kahit anong oras mula ngayon ay sasaktan niya ako.

“No one messes with me,” sabi niya na halos hindi bumubuka ang bibig.

“Bakit? Sino ka ba?” inis na tanong ko. Pilit akong lumalayo. Napahigpit ang pagkakahawak niya sa braso ko.

“I’m Ares F*cking Consunji!”

Napairap ako. “Oh! Second name mo ba iyon? Akala ko as*hole ang second name mo!” Pinitik ko siya sa mata saka tumakbo paslayo sa kanya.

Nasaktan ang loko. “Aww! Fuck you, bitch!”

3

I really hated Mercedes' best friend. That was the only thought I had before and after waking up the next morning. I turned my head to look at the other side of the bed and just like every morning after sleeping with Mercedes, wala siya sa tabi ko. Alam naman na niya ang mga rules sa kung ano ang meron kami. Hindi ko siya pwedeng abutang katabi pa ako sa kama. When I wake up, she should be gone.

I sat up and checked my email on my phone. May tatlong email ako galing New York, I guess it's from that one case I was holding. The phone calls were from my sister. Ayoko mang masira ang umaga ko, I had to call her back. But then, I didn't really want to be bullied by her now so I just turned my phone off. Tumayo na ako at hinagilap ang robe na nakalaan para sa akin. I went outside the room thinking about that woman who made my blood sing in anger last night.

How I loathed her! Sana lang hindi ko siya makita ngayong umaga pagkat sigurado ako na kahit

hindi ko tinawagan si Hera ay sira ang araw ko dahil naman sa babaeng iyon. When I got downstairs, I saw Mercedes, she was cooking breakfast.

I did not know how many times I saw her like this. Hindi ko na rin mabilang kung ilang umaga na bang pinagmamasdan ko siya habang ginagawa niya ang bagay na iyon para sa akin. I just smiled. The curls of her hair followed her movements. She was again wearing my shirt. I wondered why it looked good on her—her curves, her everything made me want to take her to bed and get it on again with her.

“Gising ka na pala. Good morning, Attorney.” She smiled at me. I just nodded. Lumapit ako sa kanya at agad niyang ibinigay sa akin ang kape kong umuusok pa sa init. I sat on the dining chair and took the newspaper; I loved mornings like this.

“Bacon and eggs or pancakes with bacon?” she asked. She knew that I loved bacons. I looked at her.

“Pancakes with bacon and then later on, your wet pussy will be a nice dessert,” I said in a husky voice. She chuckled.

“Gago ka talaga, Ares!”

“Matagal nang gago iyan, ‘noh!” I heard someone hissed. Pailalim kong tiningnan ang nagmamamay-ari ng boses na iyon. Wala na. Sira na ang araw ko. Mercedes’ best friend Bathseeba stood near the kitchen divider, eyeing the two of us like she was watching a porn film.

I rolled my eyes. Kulang sa sex ang babaeng ito. Iyon ang dahilan kung bakit napakasungit niya. I wondered how wild she could get in bed.

“Batse,” tawag sa kanya ni Mercedes. “Kumain ka na. sumabay ka na sa amin ni Ares,” sabi nito.

“Ayoko. Nakakasuya iyang lalaking iyan,” tugon niya. Hindi man lang niya inisip na naririnig ko siya. At isa pa, ano ba ang nakakasuya sa akin?

I looked at myself every day in the mirror and I knew how I looked. I was a demigod. My face, my features—lahat iyon ay perfect para sa akin. It was an advantage. In my game, my looks were my weapon. Isang tingin pa lang, lahat ng babae ay nagkakandarapa. I knew who I was, and they probably knew it too, and because of that, I could easily get what I wanted.

“Ano ka ba! Umupo ka na nga diyan!” sigaw pa ni Mercedes sa kanya. Naupo rin ang babaeng iyon. Kinuha niya ang peanut butter sa gitna ng mesa at binuksan iyon. I tried to ignore her, but then how could I if she was this annoying? She started eating the peanut butter. Hindi niya iyon ipinalalaman sa tinapay, pinapapak niya lang. Napangisi ako, she kind of reminded me of my brother Hermes who liked eating peanut butter that way, too.

Hindi na rin niya ako pinapansin and that was fine with me. But then, my attention was caught again when I saw what she did with the spoon she was holding. She stuck out her tongue and licked the

spoon up and down.

“Maria Mercedes, pakiabot ang saging,” utos niya. Ginawa naman ni Mercedes iyon. Bathseeba started putting peanut butter on the banana and then she started eating it, too. She licked off the butter on the banana and I just sat there watching her.

After that, she licked her fingers clean, then her lips—she even bit her lower lip. Kumunot ang noo ko. Aware ba siya sa ginagawa niya? I guessed the girl with the big glasses and who dressed like a manang wasn't so innocent after all.

“Papasok na ako, Mercedes,” she spoke. Her friend looked at her.

“Bye, Bathse! See you later!” sabi pa nito. Inirapan ako ni Bathseeba at saka tumalikod upang umalis, Napailing ako. That woman was something. Binalingan ko si Mercedes, abala na siya sa pagkain ng almusal. Bigla ay may naisip ako,

“You know what I want?” I asked her.

“What?”

I grinned. “You in my sofa all naked and ready while waiting for me to come home, later tonight.” I even winked at her. Ngumisi lang siya sa akin. I knew right there and then that we had a deal.

Mercedes could do everything for me. Alam kong nangulila rin siya sa akin. Halos isang linggo akong namalagi sa Santorini, Greece at pilit kong inaagaw si Leighton kay Yllak pero hindi ako nagtagumpay.

Umuwi ako matapos kong malaman kung ano na ang nangyayari sa kanila, but that did not mean that I gave up already. Hindi pa naman tapos ang laban namin ni Yllak. Nagsisimula pa lang kaming dalawa.

After eating breakfast, I took Mercedes again at the countertop. I just could not get enough of her. I wanted her again and again. We had been doing this for years now and yet, I just could not get enough.

Finally, I left their home. Dumiretso ako sa opisina ko at sinimulang pag-aralan ang mga kasong kailangan ng atensyon ko. I did not call Hera back, bahala muna siya sa buhay niya. I needed to work and focus on the things that mattered.



In the middle of the day, I received a phone call from Gabriel telling me that he had found our guy, Damaso. Natuwa ako dahil tapos na ang trabaho namin ni Yllak nang bigla ay natigilan ako. Speaking of Yllak, I needed to go find Leighton before it's too late. Tinapos ko ang aking trabaho at saka umalis ng firm. Dumiretso ako sa opisina ng pinsan ko and there I saw her. Wala si Yllak so I took that as a chance to take her.

Ayaw niya pang sumama pero napilit ko pa rin siya. Dinala ko siya sa bahay ko. I was ready to beg for her to give me a chance. Kaya kong magmakaawa pero hindi ko kayang gawin iyon in public so I took her home.

“Ares, bitiwang mo ako!” sigaw niya sa akin. I looked at her. Naipasok ko na siya sa bahay. “Oh, my God!” she exclaimed.

Noong una ay hindi ko alam kung bakit, but when I realized that Mercedes was on my sofa—all naked and ready for me,—hindi na ako nagtaka.

“Ares, iyong...” I just shook my head.

“What are you doing here?” tanong ko kay Mercedes. “Oh, it doesn’t matter. Cedes, meet the love of my life, Leighton. Leigh, si Cedes, one of my colleagues.”

Mercedes mumbled something that I didn’t hear. Nagbihis siyang muli pagkatapos ay umalis na. Hindi ko na siya hinabol. Para saan pa? Hindi ko naman siya kailangan ngayon dahil nandito na si Leighton, but even the latter escaped. Sinundan ko siya. I saw her picked up by Zachary Drew.

Hindi ko alam kung saan sila pupunta, pero nag-init pa rin ang ulo ko. I followed them; Zachary Drew took her to his house. Matagal silang hindi lumabas, halos ilang oras din. Mayamaya ay lumabas ang dalawa. Muli ay sinundan ko sila. Gusto ko sanang sapakin si Zachary Drew; bakit ba siya nakikisali sa amin? Nandoon na nga si Yllak, sumasali pa siya.

Naghintay ako. Hindi rin naglipat ang sandali ay nakita kong lumabas naman si Zach kasama si Yza. Sinamantala ko iyon. Umakyat ako sa condo unit ni Yza at hindi ako nagkamali, nandoon nga si Leighton.

Siya pa ang nagbukas ng pinto.

“Ares...” She caught her breath. Hinawakan ko ang braso niya.

“What the hell did you do in Zachary Drew’s house, Yna?!” galit na galit na tanong ko. Pilit niya akong itinutulak. I was so mad! Walang pwedeng umangkin kay Leighton kundi ako lang! Oo, siya rin si Yna; iisang tao sila.

“Yna, please...” Humigpit ang hawak ko sa kanya, pero bumaba ang boses ko. “Ako na lang...” I was desperate on getting her. Naramdaman kong biglang may humablot sa balikat ko. When I looked back, I saw Yllak. Sinuntok na niya agad ako. I fell on the coffee table. Dama ko ang pagdurugo ng labi ko.

“I don’t share my property!” Yllak hissed.

“Oh, yeah?! Then ask her what she did with Zach inside his house tonight!” balik ko sa kanya. Hindi na ako naghintay ng kasagutan. Umalis ako. I felt so betrayed. I felt like a failure.

Sa inis ko ay hindi ko na naisip ang tamang gawin. Umuwi na lang ako sa bahay at doon, nasalubong ako ni Hera.

“Ares?” she called me. Tuloy-tuloy na sana ako sa silid nang harangin niya ako. “What the f*ck happened to your face?!” she exclaimed.

“Wala,” mahinang wika ko. Sinampal niya ako.

“You are never a liar!”

I took a deep breath. “Yllak did this. Don’t worry,

sis, I can manage. Excuse me.” Akmang lalampasan ko si Hera, pero hinatak niya ako papunta sa kusina at pinaupo sa isa sa mga silya doon. Kumuha siya ng yelo at first aid kit pagkatapos ay sinimulan akong gamutin. The thing about my sister was she could be a bully, but I could still feel the love she had for me. Habang ginagamot niya ang sugat ko ay nagsalita siya.

“Tell Yto.” Napatingin ako sa kanya.

“What?” Nakita kong ngumisi siya.

“If you tell Yto about Yna and Yllak, parang sinabi mo na rin ay Uncle Sancho ang totoo. The other family wouldn’t like the fact that Yna and Yllak are an item. They will be devastated. I’m sure Aunt Sheena will cry a river, Uncle Sancho will be furious at si Yto, magwawala iyon. All those things, little brother, will affect Yna and Yllak’s relationship. So if I were you, tell Yto. Isang sabihan lang...”

I stared at Hera; she was smiling evilly. I should be scared, but why should I? I wanted Yna for myself; hindi siya isang tunay na Consunji. She was adopted by Uncle Sancho and Aunt Sheena. Leighton ang tunay niyang pangalan at hindi Yna. Kaya siguradong magkakagulo kapag nalaman ng kanyang adoptive parents ang tungkol sa kanila ni Yllak.

I took a deep breath. My sister was right. If I tell Yto, everything would be ruined.



“Maria Mercedes!”

Gabi na nang dumating ako sa bahay. Marami kasi akong inayos sa *National Library* pagkatapos ay dumaan pa kami ni Ate Alberta sa ospital para dalawin iyong karterong nanliligaw sa kanya. Alam kong magagalit si Mercedes sa akin dahil ginabi ako kaya binilhan ko siya ng pancit palabok para suhol—paborito kasi niya iyon. Umakyat ako sa itaas. Inisip ko na wala sana ang mamang may malaking bird sa bahay ko dahil ayoko talaga siyang makita sa ngayon.

“Maria—“ Binuksan ko ang pinto ng silid niya para lamang matigilan. Nakita ko siyang nag-eempake at punong-puno ng pagmamadali ang lahat ng kilos niya. Nanlaki ang mga mata ko. Pinagmasdan ko siya habang kumikilos siya. Napatingin siya sa direksyon ko. Her eyes were sore, her lips too! I knew it. Umiyak siya!

“Where are you going?” She tried smiling at me. Ipinasok niya sa maleta ang mga damit niya at saka ako muling hinarap.

“Away...” mahinang sagot niya sa akin.

Hindi ako mapakali. Bakit siya aalis? Ibinaba ko ang bag ko at ang hawak kong supot ng pancit. Nilapitan ko si Maria Mercedes; gusto ko siyang yakapin.

“I lost myself, Bathseeba. I need to do this to find myself again.”

Gusto kong magwala. Alam ko ang dahilan ng

biglaan niyang pag-alis. Alam na alam ko, ang hindi ko lang maintindihan ay kung bakit ngayon pa. Bakit hindi pa noon? Oo nga! Dapat matagal na niyang iniwan ang lalaking iyon. Ayokong nakikita siyang ginaganoon. Mercedes was a very strong woman.

Nakatingin lang ako sa kanya. Nagsimula na siyang magbilin sa akin. Kahit gusto kong makinig ay hindi ako makapag-concentrate—aalis na si Cedee. Magiging mag-isa na lang ako. Masaya ako dahil hahanapin niya ang sarili niya, pero paano kapag nagpunta dito ang lalaking iyon?

“Paano kapag hinanap ka niya? Pupunta iyon dito! Paano na ang naked Sundays ninyo?!” Natigilan si Mercedes pagkatapos ay tumawa nang malakas. Nangingilid pa rin ang mga luha niya, pero hindi niya iyon inintindi. “Alam mong ayaw ko sa lalaking iyon! Monster iyon na may malaking bird!

Namula ang mukha niya. “You saw us!”

“Napanood ko iyong private video ninyo.” Nagyuko ako ng ulo. “Sorry.” Niyakap niya ako. Hindi ko pa rin gusto ang gagawing niyang pag-alis, pero wala akong magagawa. Para ito sa ikabubuti ni Mercedes. Hindi ko na rin tinanong kung saan siya pupunta. Ayon sa kanya, mas mabuting wala akong alam para kapag may nagtanong sa akin kung nasaan siya ay hindi ko talaga alam ang sagot.

Inihatid ko na lang siya sa pinto at pinanood siyang sumakay sa taxi. Ni hindi niya dinala ang kotse

niya. I just hoped and prayed that things would be better for her from now on. Alam kong babalik si Mercedes at sana sa pagbalik niya, nahanap na niya ang nawawalang sarili niya nang mahalina niya ang mamang mahalay na may malaking bird.



“Checkmate...”

Nginisihan ako ni Hermes matapos niya itumba ang king ko sa chess. It was a Saturday afternoon and I decided to stay at the mansion to rest. Pagod ako sa maraming bagay; pagod ako kay Yllak, pagod ako kay Leigh, at pagod ako sa trabaho. I sighed. Kung may stress reliever lang sana ako. Unfortunately, pati ang stress reliever ko ay hindi pwede. Hindi ko matawagan si Mercedes mula pa noong nakaraang gabi.

Hindi naman ako nag-aalala. Maraming beses na niya akong sinubukang pagtaguan, pero sa huli ay siya rin ang bumabalik sa akin.

“Si Mama?” Napatingin kami ni Hermes sa pinto ng entertainment room nang marinig ang boses ni Hera. She wore a very feminine three-piece suit.

“Umalis sila ni Papa. Dadalaw yata kay Tita Lex. Why?”

“Wala lang. I came home and the house is quiet. I thought something happened. How was your day, brothers?” She smiled at us. Ginulo ko ang chess board. Ngumisi lang si Hermes at binalingan si Hera.

“How was your day?” he asked.

“Yto is getting into my nerves! I hate how he manages to make everything easy! Dumagdag pa iyong rapist na asawa ni Yza! I hate them! Mukhang nagkakasundo na sila ni Yto. They both have the major shares in the hotel at kapag nangyari iyon, saan ako pupulutin?” inis na inis na sabi niya. Napailing na lang ako. Mainit masyado ang ulo ni Hera.

“Kulang ka din sa sex,” sabi ko sa kanya. Nagulat ako nang bigla niyang sampalin ang bibig ko. Inirapan ko siya. “Aray, ha! Totoo naman! May kilala ako na kaya ganyan ka-bitch ay dahil kulang sa sex. Virgin.”

“Well, I’m not a virgin anymore so it’s not what it is!” she hissed.

“Kaya nga. May sexual tension na hindi mailabas,” wika pa ni Hermes. “I think you should date again.”

“Hah!” I muttered. “Our sister only ends up bullying her boyfriends!”

“Is it my fault I’m a Consunji?” nakataas ang kilay na tanong ni Hera. Natawa na lang kami ni Hermes dahil kapag ganoon ang sinabi ng aming kapatid ay wala na kaming laban. The three of us ended up spending the day with each other. Hermes cooked dinner habang si Hera ay busy sa pagpo-plot ng plano kung paano yayamutin si Yto. Gusto niya palaging mainit ang ulo ni Yto, pero ngayon hindi lang si Yto ang kinokompetensya niya kundi pati na rin si Helios Demitri.

Helios Demitri held almost thirty percent of the

Consunji Hotels. If Yto and Helios merged, mawawalan ng boses si Hera sa board at alam kong hindi iyon hahayaan ng kapatid ko.

I walked around the garden while looking at my phone. Halos dalawang araw nang walang Mercedes sa buhay ko. Dapat ngayon, nagmamakaawa na siya sa akin na puntahan ko siya, pero hanggang ngayon ay wala akong natatanggap na kahit na ano mula sa kanya.

Hindi na ako nag-isip. I dialed her number and tried calling her, but her phone was unattended. Napuno ng pagtataka ang isip ko. I sighed. I decided to go to her house and talk to her—no—I would punish her for doing this to me.

“Saan ka pupunta?” tanong ni Hera nang makasalubong niya ako sa hallway.

“Out. Babalik din ako. Text mo ako kapag dumating na ang reyna,” I said, referring to my mom. I kissed Hera goodbye and drove my car as fast as I could. Fifteen minutes later, narating ko ang bahay ni Maria Mercedes. Nandoon ang kotse niya at naroon din ang nakakainis niyang kaibigan.

I took a deep breath before getting out of the car.

“Bathseeba.” I called her. Tumingin siya sa direksyon ko. May hawak siyang tabo.

“Ang nuno ng masamang espiritu.”

My forehead creased. How silly could this girl get?

4



“**A**no’ng ginagawa mo dito, mahalay na lalaki?!”
Makita ko lang si Ares Consunji ay tumataas na ang presyon ko. Alam na alam ko naman kung bakit siya nandito. Malamang naramdaman na niya na wala si Maria Mercedes kaya nandito ang ugok na ito. Ang ipinagtaka ko lang, umabot talaga sa halos apat na araw bago niya maramdaman na wala si Mercedes sa tabi niya? Ganoon ba siya katanga?

Nanggigil ako. Mabuti na rin siguro na umalis si ang kaibigan ko at hindi magpakita sa kanya. Ang kapal ng pimples ng lalaking ito! Akala niya siguro ay biyaya siya ng Diyos sa kababaihan kaya ganito siya kumilos. Nangingit ang mga mata ko. Napahawak ako nang mahigpit sa tabong nasa kamay ko. Gusto ko sanang ibato iyon sa kanya nang maalog ang utak niya at nang malaman niya kung paano siya dapat kumilos.

“Where is Mercedes?” tanong niya sa akin. Napangisi ako. Sabi na nga ba.

“Hindi ko alam,” kibit-balikat na sagot ko. Totoo ang sinabi ko. Hindi ko alam kung nasaan si Mercedes. Hindi niya sinabi sa akin kung saan siya pupunta, hindi ko rin tinanong kasi ayokong malaman dahil alam kong pupunta ang lalaking ito dito.

Mahalay talaga siya. Siguro gusto na naman niyang ikama ang best friend ko kaya hinahanap niya sa akin si Mercedes. Mabuti na lang talaga na umalis siya kasi paano kung tuluyan siyang mahulog sa lalaking ito at dumating sa punto na baka mabuntis siya? Ano ang mangyayari sa kanya at sa bata? Hindi siguro masaya kung habambuhay na lang siyang paglalaruan ng lalaking ito na may malaking bird na nakatago sa ilalim ng pants niya.

Napasinghap ako nang mapagtanto ko kung ano ang pinag-iisip ko. Bakit ba palagi kong naiisip ang bird ng hinayupak na ito? Siguro dahil iyong sa kanya ang una akong nakita sa buong buhay ko. Huminga na lang ako nang malalim.

“Iba iyong hindi alam sa ayaw sabihin at sa itinatago.” Walang sabi-sabing pumasok siya sa loob ng bahay. Nanlaki ang mga mata ko. Sumunod ako sa kanya. Nakita kong umakyat siya sa silid ni Mercedes at binuksan ang pinto niyon. Hinayaan ko siya para na rin makita niya na wala na talaga ang babaeng hinahanap niya sa bahay namin. Wala na siyang gamit, kung meron man ay mangilan-ngilan lang. Binalingan ako ni Ares.

“Nasaan si Cedee?” he asked again. I shrugged.

“Hindi ko nga alam!”

“Bakit wala ang mga damit niya dito?”

“Naglaba?” nang-aasar na sabi ko. He made a face.

“Niloloko mo ba ako? Hindi ako tanga. Nasaan si Mercedes?!”

“Nasa bulsa ko, nagkakape!” sigaw ko. Gusto kong matawa sa reaksyon ng mukha niya. Para bang gigil na gigil na siya sa akin. Hindi ko naman siya pinapansin. Hindi ko talaga sasabihin kung nasaan si Mercedes kasi nga hindi ko alam. Manigas siya! Kung sabagay, matagal nang may matigas sa kanya; lagi nga kayang magtigas iyon?

Binawalan ko ang sarili kong mag-isip ng kung ano-ano. Tumalikod ako. Pababa na ako nang hagdanan nang biglang hatakin ni Ares ang braso ko. Pilit niya akong pinaharap sa kanya.

“Nasaan si Mercedes?!”

“Hindi ko alam!” seryosong sabi ko. “Umalis siya noong nakaraan, pero hindi ko tinanong kung saan siya pupunta dahil alam kong pupunta ka ditong gago ka! Hindi ko sasabihin kung nasaan si Maria! Her life will be so much better without you!”

“I could f*cking kiss you right now, to shut your dirty mouth, bitch!” Inilapit niya ang kanyang mukha sa mukha ko. Nanlaki ang mga mata ko. Hindi ako makahinga. Hindi ko alam kung ano ang gagawin

ko. Alam kong kailangan kong ilayo ang sarili ko sa kanya, pero hindi ako makagalaw. Para bang unti-unting napupunta sa kanya ang lakas ko. Para bang ninanakawan niya ako ng enerhiya dahil sa unang pagkakataon, nanginig ang mga tuhod ko.

“Kiss, kiss!” sigaw ko sa kanya. “Ang kapal mo! Bad breath ka naman!”

Lapat na lapat na ang mga labi ni Ares habang titig na titig siya sa akin. Lalong humigpit ang hawak niya sa braso ko.

“I hate you since the first day I met you,” sabi niya sa akin.

“Well, the feeling is—“ Hindi ko na naituloy ang sasabihin ko dahil biglang nagtatahol ang Pomeranian ni Mercedes na si Chichi. Galit na galit ang aso habang nakatingin kay Ares.

“Stop, girl!” utos ko kay Chichi. Itinulak ko ang demonyo pagkatapos ay kinuha ang hayop. Malamang gutom na ito kaya nagagalit o baka talagang galit ito kay Ares.

Nanlaki ang mga mata ko nang kuhanin ng engkanto si Chichi mula sa akin. Nagtatahol ang alaga ni Mercedes pero sandali lang iyon—nang haplus-haplusin ni Ares ang likod nito. Kumunot ang noo ko.

“Hay, naku! Mag-ina nga kayo ni Mercedes!” Tumalikod ako. Alam kong nakasunod sa akin ang demonyo. Mayamaya ay nagsalita siya.

“I’ll be taking Chichi home. Hangga’t hindi mo sinasabi kung nasaan si Ceddes, hindi ko ibabalik si Chichi.”

Ang kapal-kapal ng mukha niya!

“Dognapper ka na, rapist ka pa! Wala lang si Ceddes, kay Chichi mo naman ilalabas ang init ng katawan mo! Ang kapal mo! You’re so mali... mali...” I gasped. Hindi ko masabi. I saw him grin.

“I’m so what?” Nauwi sa tawa ang ngisi niya. Hindi ko talaga masabi ang salitang dapat sasabihin ko. Ang salitang best na makakapag-describe sa kanya.

“Say it.”

“Mali-mali ka! Panget!” sigaw ko. He laughed again. Napaawang ang mga labi ko. Hindi ko talaga alam kung paano lalabas ang kasumpa-sumpang salitang iyon.

“Virgin!” he said while laughing. He shook his head. “Say goodbye to your yaya, Chichi. We’ll be going home.”

Wala na akong nagawa. Pinanood ko na lang siyang lumabas. Hindi ko na rin siya pipigilan. Alam kong ibabalik din niya sa akin si Chichi pero sa ngayon, iisipin ko muna kung paano ko ipapaliwanag kay Mercedes na kinuha ng demonyo ang aso niya.

Demonyo talaga!



“Why is there an evil creature in my bedroom?!”

Napamura ako nang marinig ko ang boses ni Hera. I was in my private office trying to find some papers that I needed to sign nang magsisigaw si Hera. I had forgotten how much she hated animals. Agad akong lumabas ng office ko at pinuntahan si Hera sa silid niya. She was standing in the middle of the bed looking so terrified while looking at Chichi who was barking at her. Nakasuot pa ng nightgown ang ate ko; mukhang kagigising niya pa lang. Her pixie hair was a bit disheveled. Hawak niya pa ang pack ng *Marlboro* red sa kanang kamay niya habang sa kabila ay ang personalized lighter niya.

“Adolf! Ialis mo iyan dito!” sigaw niya sa akin. Agad kong kinuha si Chichi. I touched its back, trying to calm it down while trying to suppress my laughter.

“Bakit may aso dito? Ayoko ng hayop!” she said frantically.

“Do you even like anything?” Bumaba siya sa kama at saka binatang ako. Napangisi lang ako habang hinahaplos si Chichi.

“I like cigarettes.”

“And if Mama finds out...”

“The Queen will never find out. I’ve been smoking since I was sixteen and she never found out.” She made a face. “Magaling akong magtago pero ’wag mong ibahin ang usapan. Saan galing ang hayop na iyan?” usisa niya.

“I bought it.”

“Why?”

I just shrugged. Iniwan ko si Hera at pumasok sa silid ko. I put Chichi on the bed and lay beside her. I kept on caressing her back. I thought about Mercedes and her best friend. Hindi pwedeng hindi alam ng babaeng iyon kung nasaan si Mercedes. They're best friends. They're close. They tell each other everything. I was sure of that. Lahat ng babae ay ganoon except, of course, for my sister.

“I wonder where she is, Chichi. I'm bored and I need to do something fun, and she's my something fun.”

If someone would ask me, no, I didn't miss Mercedes. I was just really horny. I slept with other women these last few days, pero iba pa rin kapag si Mercedes ang kapiling ko. Those women didn't know how to pleasure me right while Mercedes knew everything about my body and that's the thing that I missed. I missed her giving me head and swallowing my essence. I missed her looking at me while she came. I missed the intensity of our sexual act.

“F*ck! I'm so horny!” Napabangon ako. I really needed to find Mercedes soon. Napatingin ako kay Chichi nang magtatahol siya. Nag-isip ako, kailangan kong mabantayan ang babaeng iyon. Alam kong alam niya kung nasaan si Mercedes, ayaw niya lang sabihin.

After a while, I smiled. I now knew how to get her. I should always be ten steps ahead of her. I hated her, but if this was the only way to find out where the hell Mercedes was, I'd do it. Mapagtitiisan naman siguro si Bathseeba.

5



I woke up the next morning still feeling a bit irritated because the demon who called himself Ares Consunji took Chichi away. Buti na lang hindi pa tumatawag si Mercedes dahil hindi ko pa alam kung paano ko sasabihin sa kanya na nawawala ang aso niya; na nawala ito dahil kinuha ng anak ni Satanas.

Lumabas ako ng silid ko. Nakakalungkot din mag-isa. Ang tahimik ng bahay. Si Chichi na nga lang ang kasama ko, kinuha pa rin niya. Napabuntong-hininga na lang ako. Bakit ko ba pinagsasayangan ng enerhiya ang lalaking iyon? Pwede naman niyang gawin ang kahit na anong gusto niyang gawin kay Chichi basta sa oras na umuwi si Mercedes ay ibabalik niya ang aso nang buong-buo.

Minabuti kong pumasok na sa bathroom at doon nagseremonyas na ako. Tinapos ko ang pag-shower at saka itinaas ang aking kamay para kunin ang tuwalya ko, pero natigilan ako nang maalala ko na dahil disoriented ako ay naiwan ko iyon sa kama.

Napabuntong-hininga ako. I was naked. Nahihiya akong lumabas ng banyo. Wala pang nakakakita sa akin nang hubad kundi si Mercedes pa lang. Nangyari iyon nang minsang sinamahan ko siyang magpa-Brazilian wax. Maghihintay lang ako dapat sa waiting area habang nagbabasa nang hatakin niya ako at piling ipasok sa loob, pinahiga niya ako at hinubaran para ma-experience ko ang ginagawang treatment sa kanya, pero letsugas na ibinabad sa suka ng sampung araw! Masakit! Si Mercedes naman ay tawa nang tawa.

Muli ay huminga ako nang malalim. Lumabas ako ng banyo. Kinabahan ako. Paano kung nandito bigla si Mercedes? Baka matawa siya sa akin. Hindi kasingganda ng katawan niya ang katawan ko. Mercedes' vital statistics were perfect 38-24-36, ako wala. Flat chested ako.

Patiyad akong naglakad. Natatawa ako sa aking sarili. Bakit ba ako nahihiya, wala namang tao sa bahay. Natapat ako sa kwarto ni Mercedes. Napahinto ako. I missed her. I missed the sound of her voice every morning while she was trying to sing. Hindi kasi marunong kumanta ang kaibigan ko, maganda lang siya. I also missed the sound of her blower. Nakakatuwa kasing isipin that she's getting ready for a day at work. I also missed her heated argument with her clients. I missed her being an alpha female. But every time she's with Ares Consunji, nawawala

ang tapang niya. I missed the old her.

Nakita ko ang sarili kong nakatulala sa harapan ng pinto ng silid ni Mercedes. Hindi ko na nga namalayan nang bumukas iyon. Nagtaka ako sa pagbukas ng pinto pero hindi ako gumalaw. Inisip ko kasi na hangin lang, pero nanlaki ang mga mata ko nang makita ko si Chichi. Tinahulan niya ako.

Napaawang ang mga labi ko sa pagtataka. Nakatingin ako kay Chichi na nasa sahi... that was when I saw a pair of feet. Kaninong mga paa iyon? Bumalik na ba si Mercedes? Pero bakit panlalaki ang mga iyon?

Paang lalaki...

Paa ng lalaki...

Paa...

Lalaki...

My eyes widened!

Bakit may lalaki sa bahay ko?!

“Wow! What a morning show! Hello, Bathseba.”
the man greeted me.

Kilala ko ang boses na iyon! Slowly, I looked up and when I finally met his eyes—those deep brown eyes—I realized I didn’t have any clothes on.

“F*ck!” I hissed.

“Hello, babies...” he said while looking at my breasts. “Oh... flat.”

“Ang kapal ng mukha mo!” sigaw ko, sabay takbo. Pumasok ako sa loob ng silid ko. I double locked the

doors para safe. Nang tumingin ako sa salamin ay kitang-kita ko ang pamumula ng mukha ko. How could this be? Bakit nandito ang lalaking iyon? Ano ang ginagawa niya dito? Bakit nasa kwarto siya ni Maria Mercedes?

Nakita niya ang lahat sa akin!

Natagpuan ko na lang ang sarili ko na lumuluha. I felt so violated. Wala pa namang nangyayari, but the thought of him seeing me naked felt so degrading. Hindi ko na alam ang gagawin ko. I bit my lower lip. Matindi pa ako sa na-rape. Pangako ko kasi sa sarili ko na ang taong makakakita ng katawan ko ay ang lalaking mapapangasawa ko.

I sighed and wiped my tears. Katulad ng palaging sinasabi ni Mercedes sa akin, I had to be strong. Strong women lived longer. Strong women were powerful and beautiful. And I was strong. I sighed again. Tumayo ako at nagbihis. Matapos kong ayusin ang aking sarili ay muli akong lumabas ng silid ko. Maingat na bumaba ako ng hagdanan.

Natagpuan ko si Ares Consunji na nakaupo sa dining chair with Chichi on his lap. He caressed the pet's back while reading the newspaper. I could feel my face getting red. Inis na inis na lumapit ako sa kanya at saka hinablot mula sa kamay niya ang dyaryong kanyang binabasa.

He looked at me. "Oh! You're wearing clothes now!" He grinned at me. Sa inis ko ay hinampas ko

sa mukha niya ang dyaryo.

“Nuno ka ng kasamaan! Ano’ng ginagawa mo sa bahay ko? Ang pangit mo!”

“Kung pangit ako, bakit namumula ka?” he said.

Nanlaki ang mga mata ko. Ang yabang ng lalaking ito! Ano ang akala niya, affected ako sa presence niya? He saw me naked, yes. Hindi ibig sabihin noon... teka, ano nga ba ang ibig sabihin niyon?

“I’ve seen you naked, Bathseeba.”

“So?” Tumaas ang kilay ko. “That doesn’t mean anything. Ni hindi mo nga ako nahawakan!” sigaw ko sa kanya. Bigla siyang tumayo. He stepped toward me, napaatras ako. I could hear my heart beating so fast. Hindi ako makahinga. Hindi ako makagalaw. Ano ba ang nangyayari sa akin?

“Bakit, Bathseeba? Do you want me to touch you?” he whispered.

Muli ay nanlaki ang mga mata ko nang maramdaman ko ang braso niyang nakapulupot sa baywang ko. I gasped hard. Bigla ko siyang naitulak, pero hindi siya bumitaw. Nagpapasag ako at iyon ang dahilan kung bakit nabagsak kaming dalawa sa sahi-

He was on top of me. Napakalapit ng mukha niya sa mukha ko. I could smell his fresh breath—it smelled like mint and cool wind. Nakakaliyo! Napapapikit ko pero pinigil ko ang sarili ko. Bakit ako pipikit sa ilalim ng lalaking malaki ang bird at mahalay?

“Rape!!!” sigaw ko. Nakita kong nanlaki ang mga mata niya. Mabilis pa sa alas kwatro na tumayo siya at lumayo sa akin. Ni hindi niya ako tinulungan. I hurriedly stood up.

“Bakit ka ba nandito?” inis na inis na tanong ko. He looked at me.

“I’m looking for Mercedes,” he replied. “Hindi kita titigilan hangga’t hindi mo sinasabi sa akin kung nasaan siya. Kung hindi mo sasabihin, I’ll stay here. Sa madaling salita, dito na ako titira.”

Umikot ang paningin ko. Para akong hihimatayin.